



## U.S. Citizenship and Immigration Services

# Impormasyon ng Katotohanan Tungkol Sa Public Charge

Nilabas noong Abril 29, 2011

### **Panimula**

Ang Public Charge ay naging bahagi ng batas ng imigrasyon ng U.S. nang higit sa 100 taon bilang isang basehan ng hindi pagtanggap at deportasyon. Ang isang indibidwal na malamang na maging isang public charge sa anumang oras ay hindi maaaring manatili sa Estados Unidos at hindi karapat-dapat na maging legal na permanenteng residente. Gayunpaman, ang pagtanggap ng mga pampublikong benepisyo ay hindi awtomatikong magiging public charge ang isang indibidwal. Ang impormasyon ng katotohanang ito ay nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga pagpapasiya sa pagiging public charge upang tulungan ang mga hindi mamamayan na gumawa ng matalinong pagpili tungkol sa kung mag-aaplay para sa ilang mga benepisyong pampubliko.

### **Kasaysayan**

Sa ilalim ng Seksiyon 212(a)(4) ng Immigration and Nationality Act (INA), ang isang indibidwal na nagnanais makapasok sa Estados Unidos o naghahangad na ayusin ang kalagayan upang maging permanenteng residente (pagkuha ng isang green card) ay hindi tatanggapin kung ang indibidwal "sa oras ng aplikasyon para sa pagpasok o pagsasaayos ng katayuan, ay malamang na sa anumang oras ay maging isang public charge." Kung ang isang indibidwal ay hindi matanggap, ang pagpasok sa Estados Unidos o pagsasaayos ng katayuan ay hindi ipagkakaloob. Ang mga batas sa imigrasyon at kawanggawa ay nagbigay ng ilang alalahanin tungkol sa kung ang isang hindi mamamayan ay maaaring maharap sa masamang resulta sa imigrasyon sa pagtanggap ng mga benepisyong pederal, estado, o lokal. Ang ilang hindi mamamayan at ang kanilang pamilya ay karapat-dapat sa pampublikong benepisyo – kabilang ang tulong sa kalamidad, paggamot sa mga sakit na maaaring makahawa, pagbabakuna, at nutrisyon ng mga bata at mga programa sa pangangalaga ng kalugusan – nang hindi maging public charge.

### **Kahulugan ng Public Charge**

Sa pagtukoy sa hindi pagtanggap, tinukoy ng USCIS na ang “public charge” bilang isang indibidwal na malamang na maging “laging umaasa sa pamahalaan para sa ikinabubuhay, tulad ng alinman sa pagtanggap ng pampublikong salaping tulong para sa pagpapanatili ng kita, o pagkakaroon ng pangmatagalang pangangalaga na babayaran ng pamahalaan.” Tingnan ang “Field Guidance on Deportability and Inadmissibility on Public Charge Grounds,” 64 FR 28689 (May 26, 1999). Sa pagtukoy kung ang mga dayuhan ay nakakatugon sa kahulugan ng hindi pagtanggap sa public charge, ang isang bilang ng mga kadahilanan ay isinasalang-alang, kabilang ang edad, kalusugan, katayuan ng pamilya, mga ari-arian, mga mapagkukunan, katayuan sa pananalapi, edukasyon, at mga kasanayan. Walang nag-iisang kadahilanan, maliban sa kakulangan ng isang apidabit ng suporta, kung kinakailangan, ay maaaring matukoy na ang isang indibidwal ay isang public charge.

### **Mga Benepisyong Sumasailalim sa Pagsasaalang-alang sa Public Charge**

Tinutukoy ng patnubay ng USCIS na ang salaping tulong para sa pagpapanatili ng kita ay kinabibilangan ng Supplemental Security Income (SSI), tulong sa salapi mula sa programang Temporary Assistance for Needy Families (TANF) at mga programang salaping tulong galing sa estado o lokal para sa pagpapanatili ng kita, na kadalasang tinatawag na mga programa sa “pangkalahatang tulong. Ang pagtanggap sa mga uri ng pampublikong salaping tulong na ito ay maaaring magbunga sa isang hindi mamamayan na hindi makilala bilang isang public charge kung ang lahat ng iba pang pamantayan ay matututugunan. Gayunpaman, ang pagtanggap ng mga benepisyong ito ay hindi awtomatikong magbubunga sa isang indibidwal na hindi matanggap, hindi maging karapat-dapat na baguhin ang katayuan para maging permanenteng residente, o maging rason ng public charge para sa deportasyon. Tingnan ang “Field Guidance on Deportability and Inadmissibility on Public Charge Grounds,” 64 FR 28689 (May 26, 1999). Ang bawat pagpapasiya ay ginagawa batay sa bawat kaso sa kabuuan ng mga pangyayari.

Bilang karagdagan, ang pampublikong tulong, kabilang ang Medicaid, na ginagamit para suportahan ang mga dayuhan na naninirahan sa isang institusyon para sa pangmatagalang pangangalaga – tulad ng isang nursing home o mental health institution – ay maaari ring isaalang-alang bilang sanhi nang kadahilanan ng kabuuan para sa layunin ng pagpapasiya ng public charge. Ang panandaliang pagkupasok sa isang institusyon para sa rehabilitasyon ay hindi napapailalim sa pagsasasaalang-alang sa public charge.

### **Mga Benepisyong Hindi Sumasailalim sa Pagsasaalang-alang sa Public Charge**

Sa ilalim ng patnubay ng ahensiya, ang mga benepisyong hindi pera at mga benepisyong pera para sa espesyal na layunin na hindi inilaan para sa pagpapanatili ng kita ay hindi napapailalim sa pagsasasaalang-alang sa public charge. Kabilang sa ilang mga benepisyong ay:

- Medicaid at iba pang segurong pangkalusugan at mga serbisyo sa kalusugan (kasama ang pampublikong tulong para sa bakuna at para sa eksamen at pagpapagamot ng mga sintomas ng mga nakakahawang sakit, pagpunta sa mga klinikang pangkalusugan, panandaliang serbisyo sa rehabilitasyon, pangangalaga sa

pagbubuntis at biglaang medikal na serbisyo) bukod sa suporta para sa institusyon ng pangmatagalang pag-aalaga.

- Children's Health Insurance Program (CHIP)
- Mga programa sa Nutrisyon, kabilang ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) - na karaniwang tawag ay Food Stamps, ang Special Supplemental Nutrition Program para sa mga Kababaihan (Women), mga Sanggol (Infants) at mga Bata(Children) (WIC), ang National School Lunch at School Breakfast Program, at ibang pang karagdagan at mga programa sa biglaang tulong sa pagkain.
- Mga benepisyo ng pabahay
- Mga serbisyo sa pag-aalaga ng bata
- Tulong sa enerhiya, tulad ng Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)
- Biglaang tulong sa kalamidad
- Foster care at tulong sa pag-ampon
- Tulong sa edukasyon (tulad ng pagdalo sa pampublikong paaralan), kabilang ang mga benepisyo sa ilalim ng Head Start Act at tulong para sa elementarya, sekondarya o mas mataas na edukasyon
- Mga programa sa pagsasanay sa trabaho
- Mga walang bayad na tulong, mga programang batay sa komunidad, mga serbisyo o tulong (tulad ng mga soup kitchen, pagpapayo at pamamagitan sa krisis, at panandaliang tinitigilan)
- Mga benepisyo na hindi pera sa ilalim ng TANF tulad ng tulong sa pag-aalaga ng bata o mga tulong sa transportasyon
- Mga bayad na pera na kinita, tulad ng mga benepisyo sa Title II Social Security, mga pensiyon sa pamahalaan, at mga benepisyo ng mga beterano, at iba pang mga uri ng kinitang benepisyo
- Kabayaran sa pagkawala ng trabaho

Ang ilan sa mga programang nasa itaas ay maaaring magbigay ng mga benepisyong pera, tulad ng tulong sa enerhiya, transportasyon o mga benepisyo sa pangangalaga ng bata na ibinigay sa ilalim ng TANF o Child Care Development Block Grant (CCDBG), at ang isang beses na pagbabayad dahil sa kagapitan galing sa TANF. Dahil ang layunin ng mga naturang benepisyo ay hindi para sa pagpapanatili ng kita, ngunit sa halip ay para maiwasan ang pangangailangan para sa patuloy na pagtanggap ng salapi tulong para sa pagpapanatili ng kita, hindi sila napapailalim sa pagsasaalang-alang sa public charge.

**Tandaan:** Sa pangkalahatan, ang mga legal na permanenteng residente na kasalukuyang may "green card" ay hindi maaaring tanggihan ng pagkamamamayan ng Estados Unidos dahil sa legal na pagtanggap ng anumang pampublikong benepisyo kung saan sila ay karapat-dapat.

**PAGLILINAW:** Ang dokumentong ito ay isinalin batay sa Ingles na bersyon na matatagpuan sa website ng [USCIS](#).